



Paggamit Ng Word Wall Bilang Kagamitan Sa Pag-Aaral Sa Pagpapalawak Ng Bokabularyo Ng Mga Mag-Aaral Sa Filipino 8

¹Diana Rose S. Leopoldo, ²Cheryl M. Sispon, ³Genelyn R. Baluyos

Misamis University
College of Education
Ozamiz City

Abstract: Laganap sa panahon ngayon ang pangangailangang pagyamanin at paghusayin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang epektibong paggamit ng Word Wall sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino sa taong panuruan 2023-2024. Ginamit sa pag-aaral na ito ang Classroom Based Action Research design upang matukoy ang epekto ng paggamit ng Word Wall sa pagpapalawak bokabularyo ng mga mag-aaral. Ito ay isinagawa sa isang Paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na bahagi ng Department of Education (DepEd). Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nasa ika-8 na baitang at gumamit ng purposive sampling gamit ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mananaliksik. Ang MiniTab statistical software ay ginamit sa pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng mean, standard deviation, at t-test. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang Word Wall ay epektibong interbensiyon na nagpapabuti at napapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral pagdating sa Filipino. Inirerekomenda ang mga guro na nagtuturo ng mga bokabularyo ay dapat ilapat ang Word Wall hinggil sa maaaring makatulong sa mga mag aaral na madaling maunawaan ang nilalaman ng mga teksto.

Index Terms – Akademikong Pagganap, Bokabularyo, Filipino, Interes, Talakayan, Word Wall

I. CONTEXT AT RATIONALE

Filipino ay isang mahalagang wika na naghahatid ng mabisa at maayos na ugnayan sa kapwa. Laganap sa panahon ngayon ang pangangailangang pagyamanin at paghusayin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa asignaturang filipino. Ang kaalaman sa bokabularyo ay mahalaga para sa mga mag-aaral sa Junior at Senior High School sa Pilipinas sapagkat makakatulong ito sa kanila na matugunan ang mga kakayahan na kinakailangan ng Department of Education (DepEd) at matugunan ang iba pang mga pangangailangan sa akademikong babasahin (Santillan at Daenos, 2020). Nagsisilbing gabay ang bokabularyo upang mas lalong maintindihan ang teksto na naglalaman sa mga akdang pampanitikan sa asignaturang filipino. Kung kaya nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga akdang pampanitikan sa filipino dahil sa kakulangan sa bokabularyo.

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa bokabularyo sa asignaturang Filipino na natukoy ng mga mananaliksik na nangangailangan ng pagpapahusay. Ang pagpapalawak ng bokabularyo ay mahalaga upang lubos na mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral dahil ang kakulangan sa kasanayan sa bokabularyo ay maaaring maging malaking hadlang sa pag- unawa sa isang akdang pampanitikan (Guinto, 2023). Ang mga problema sa pag-unawa sa teksto ay kadalasang nangyayari dahil sa kakulangan ng bokabularyo ng mga mag-aaral (Pollero, 2021).

Sa bawat pagtaas ng nalalaman sa bokabularyo ay tumataas din ang interes sa pagbabasa ng isang indibidwal sa mga akdang pampanitikang Filipino na naglalaman ng matatalinghang salita na maaaring daan upang mapalawak pa ang kanilang kakulangan sa bokabularyo. Naging hamon rin ito sa mga guro sa wika ang kakulangan ng mga mag-aaral pagdating sa bokabularyo. Isa sa pinakamahirap na hamon na hinaharap ng mga guro sa wika ay ang kakulangan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa bokabularyo na siyang may malaking impluwensiya sa pagbasa nang may pag-unawa (Torzar, 2021).

Ang kakulangan sa bokabularyo ay naging hamon ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga pagkakaiba sa kaalaman sa bokabularyo ay nagpapakita ng higit na pagkakaiba sa mga marka ng pag-unawa sa pagbasa kaysa sa iba pang mga salik na sinuri sa pag-aaral ay binibigyang-diin ang kahalagahan ng kaalaman sa bokabularyo para sa pag-unawa sa pagbasa (Brooks et al., 2021). Tunay na napakahalaga ng pagkakaroon ng mayamang talasalitaan sa kasanayang komunikatibo at pagsulat ng bawat magaaral. Higit na nagiging epektibo ang pagsulat at pagsasalita ng taong nagtataglay ng mayamang talasalitaan kung ikukumpara sa taong salat sa talasalitaan (Serrano, 2022). Ang terminong ginagamit sa Ingles para sa talasalitaan ay bokabularyo. Ito ay isang talaan ng mga salita at parirala na may kaugnayan sa isa't isa. Pangkat ito ng mga salitang nasa loob ng isang wika na pamilyar sa isang tao. Ito rin ay sabay na umuunlad sa edad at kadalasang ginagamit ito bilang isang mahalagang tulong para sa komunikasyon at pagkamit ng kaalaman (Rey, 2019).

Gayumpaman, ang estratehiya sa pagtuturo ay isa rin sa mga salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang kahusayan sa pagtuturo ay mahalagang impluwensiya sa partisipasyon ng mga estudyante sa loob ng klasrum (Zhang, 2020). Sa pagkatuto sa asignaturang Filipino ay kinakailangan ng kahusayan sa pagtuturo upang malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Sa Tsina, lumabas na ang motibasyon at interes ng estudyante sa pagpapahalaga sa asignatura ay nakadepende sa kahusayan sa pagtuturo (Suksel-Sahin, 2020).

Sa mga silid-aralan ng Filipino, ang paglinang ng bokabularyo ay mahalaga dahil ang mga nilalaman ng bokabularyo ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pag-unawa sa mga pangunahing konsepto at ideya. Ang pagtuturo ng Filipino, isang asignatura na hindi maikakaila na mahirap maunawaan ng lahat ng mag-aaral (Taracatac, 2021). Ang isa sa mga isyu na napansin ng mga gurong mananaliksik ay ang mga mag-aaral ay nahihirapang maunawaan ang ilang mga salita sa Filipino, na nagdulot ng hindi epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa klase. Bukod pa rito, ang limitadong bilang ng mga salitang ginagamit ng mga mag-aaral sa Filipino ay nagpapahirap sa kanila na ipahayag ang kanilang mga ideya o opinyon. Kung kaya kami na sa mga mag-aaral ay patuloy na nababawasan ang interes sa pag-aaral ng asignaturang Filipino at nagreresulta ito ng kahirapan sa pagkatuto lalo na at nahihirapan sila na ibahagi ang kanilang ideya o saloobin tungkol sa isang paksang (De Leon et al., 2022).

Kung kaya, naisip ng mananaliksik ang "Word Wall" bilang estratehiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto na magiging kapaki-pakinabang sa mag-aaral at guro. Ang pagkatuto sa gramatika ng mga mag-aaral ay kapaki-pakinabang upang lalo pa nilang mapaunlad ang pagsulat at pagsasalita tungo sa mahusay na kakayahang komunikatibo (Sakay, 2023). Ang mga Word wall ay mga bulletin board na naglalaman ng koleksyon ng mga salitang may mataas na dalas o may kaugnayan sa tema at ang mga aktibidad nito ay kinabibilangan ng mga laro na nakatuon sa paggamit ng word wall upang matutunan ang mga salita sa paningin (Jasmine & Schiesl, 2019).

Ang word wall ay isang masaya, nakakaaliw na laro ng media sa pag-aaral. Lumabas sa pag-aaral na ang paggamit ng Word Wall ay nakapagpataas ng interes at pagkatuto ng mga mag-aaral na kung saan nahihinuha mula sa pananaliksik na ito na may pagkakaiba at impluwensiya ng word wall media sa mga interes at resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral (Hidayaty et al., 2022). Natuklasan ng pag-aaral na ang Wordwall ay lubos na katanggap-tanggap bilang gamification tools para sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpakita rin na ang paggamit ng mga tool sa gamification ay epektibong nakabuo ng Literal, Inferential, at Critical na kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa sa mga mag-aaral. Napag-alaman sa pag-aaral na ang paggamit ng Word Wall sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagpapakataas ng kakayahan sa literal, hinuha, at kritikal na pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok (Colendra & Carada, 2023). Ang paggamit ng word wall sa sekondarya para sa pagpapalawak ng bokabularyo sa

filipino ay naging maayos na pag-aaral. Kaya naman, kakaunti lamang ang mga pag-aaral na nakatuon sa paggamit ng word wall upang palawakin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino. Upang punan ang puwang na ito, kinakailangang suriin ang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng word wall.

II. INTERBENSYON

Ang paggamit ng word wall ay naging aktibo, masigasig at interesado sa paggamit ng bokabularyo. Nagpapakita sa pag-aaral na ang diskarte sa Word Wall makabuluhang napabuti ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral (Aisyah, 2020). Ang bagong bokabularyo ay ipinakilala sa pamamagitan ng pagtatanong at naka-target sa mga paliwanag sa silid-aralan at talakayan at ipinost sa word wall. Ang susunod na hakbang ay ipares ang mga piling salita sa mga larawan o tunay na mga bagay. Gusto naming gumamit ng mga totoong bagay kung posible. Kung ang tunay na mga item ay hindi magagamit, gumagamit kami ng mga larawan o litrato. Ang mga ito ay hindi kailangang detalyado. Ang kanilang layunin ay upang matulungan ang mga mag-aaral (lalo na ang mga ELL) na gumawa mabilis at madaling visual na koneksyon sa bokabularyo (Jackson at Narvaez, 2013).

Layunin ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epektibong paggamit ng Word Wall sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino 8.

Sinasagot nito ang partikular na tiyak na layunin:

1. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago gamitin ang word wall.
2. Natutukoy ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang word wall.
3. Nasusuri ang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang word wall.
4. Natutukoy ang iba pang kasanayan na napaunlad pagkatapos gamitin ang word wall.

III. PAMAMARAAN SA PANANALIKSIK

3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isang quantitatibong pag-aaral na ginamitan ng classroom based action research design. Ang classroom based action research design ay isang paraan na inilapat na pananaliksik na ginamit ng mga guro sa loob ng silid-aralan. Ito ay nakatuon sa isang praktikal na diskarte ng mga guro sa paglutas ng isang problema o hamon sa isang agarang pag-alala, gamit ang isang reflective cyclic na proseso (Brown & Opie, 2019). Kung saan isinagawa ang pananaliksik sa loob ng aktwal na setting ng silid-aralan kung saan pagyamanin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa filipino sa pamamagitan ng paggamit ng word wall.

3.2 Lugar ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay isasagawa sa antas ng junior high school, partikular ang mga mag-aaral sa Baitang 8 sa isang Paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na Bahagi ng DepED (Department of Education), na matatagpuan sa bahagi ng Ozamis City, Misamis Occidental na kung saan nag-aalok ng asignaturang Filipino.

3.3 Mga Kalahok

Ang mga naging respondente sa pananaliksik ay ang mga mag-aaral sa Baitang 8. Pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang pagpili ng mga respondente ay ibinatay sa mga sumusunod na pamantayan: mga mag-aaral na naka-enrol sa Paaralan sa Sekundaryang Pampubliko na Bahagi ng DepEd bilang mga mag-aaral sa Baitang 8 para sa taong panuruan 2023-2024 at mga mag-aaral na handang lumahok sa pag-aaral. Tinitiyak ng mananaliksik na ang mga nabanggit na pamantayan ay matutugunan bago isagawa ang sarbey.

3.4 Etikal na Konsiderasyon

Ang mga sumunod ay ang etikal na pagsasaalang-alang sa pag-aaral. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay hindi dinadaan sa mga patakaran na maaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binigyang prayoridad. Ang paghingi ng pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang proteksyon ng pagkapribado ng mga kalahok sa pananaliksik, sapat na antas ng pagiging kompidensiyal ng datos ng pananaliksik at pagkawala ng lagda ng mga indibidwal at mga organisasyon na lumahok sa pananaliksik ay siniguro. Ang panlilinlang o pagmamalabis sa mga layunin ng pananaliksik ay iniwasan. Ang mga kaakibat sa anumang anyo, pinagkukunan ng pagpopondo, pati na rin ang anumang posibleng salungat na interes ay ipinahayag. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinaapos nang may katapatan. Anumang uri ng nakalilito na impormasyon, pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan, ay iniwasan.

3.5 Pag-aanalisa ng Datos

Bago ang panayam at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng paaralan para sa isinagawang pag-aaral. Ang paglahok ay hiningi mula sa guro ng Filipino para sa isinagawang pananaliksik. Ang mananaliksik ay gumamit ng Quantitative at Qualitative Method sa pagkuha ng mga datos. Ang layunin ng mga mananaliksik ay makakuha ng mga numerikal na data na maaaring suriin at i-analyze nang obhetibo sa pamamagitan ng paggamit ng quantitative method. Bukod rito, gumamit din ang mananaliksik ng pre-test at post-test. Ang pre-test ay isinagawa bago ang interbensyon o pag-aaral, at ang post-test ay isinagawa kasunod ng interbensyon o pag-aaral. Ito ay nagbibigay-daan sa masusing pag-unawa sa epekto o pagbabagong naidulot ng interbensyon sa mga kalahok.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Sa paggamit ng Word Wall na interbensiyon sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral sa Baitang 8 ay napabuti ang kanilang pagganap sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga resulta ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral sa ika-8 na baitang, ang makabuluhang puna at mga direksyon para sa mas mahusay na pagtuturo ay ibinigay sa mga guro.

4.1 Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago Gamitin ang Word Wall

Sa talahanayan 1 ay nagpapakita ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 bago ang paggamit ng Word Wall. Ang talahanayan ay naglalahad ng mga antas ng retensyon, dalas, porsyento, mga mean (M), at mga standard deviations (SD) ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang kabuuang pagganap ng 37 mag-aaral ay labis na mababa, kung saan 36 na mag-aaral (97.30%) ay hindi nakamit ang mga inaasahan ($M = 10.20$, $SD = 2.87$). Sa pagpapaliwanag ng mga natuklasan na ito, ipinapakita ng datos na ang karamihan ng mga mag-aaral (97.30%) ay hindi nakamit ang inaasahang pamantayan ng pagganap, dahil sila ay nasa categoryang "Hindi Nakamit ang mga Inaasahan". Ang nag-iisang mag-aaral na nakapagpakita ng medyo kasiya-siyang pagganap ay isang outlier, na nagpapahiwatig na ang karamihan sa klase ay naghirap nang malaki sa materyal bago ang paggamit ng Word Wall.

Nangangahulugan ito na karamihan sa mga mag-aaral sa Baitang 8 ay may mababang kasanayan sa bokabularyo. Ang mga mag-aaral ay hindi nakakuha ng matataas na marka sa panahon ng pre-test dahil sa iba't ibang salik. Sila ay nalilito o hindi maintindihan ang salita dahil ang kanilang pag-unawa sa konsepto o kahulugan nito ay hindi malinaw o naninibago sila sa mga salitang kanilang nabasa sa pagtataya.

Makikita sa resulta na ang mga mag-aaral ay mayroong mababang kaalaman o bokabularyo bago gamitin ang Word Wall na interbensiyon. Kinakailangan na magkaroon ng alternatibong kagamitang pampagkatuto na tutugon sa pangangailangan upang mapalawak ang kaalaman at bokabularyo ng mga mag-aaral sa normal na wikang Filipino nang sa gayon ay makatulong ito upang mas mapayabong ang nasabing wika (Aler at Palomo, 2024). Ang paggamit ng estratehiya o kagamitang panturo ay nakatutulong sa pagpapaunlad at pagpapayaman sa kaalaman ng mga mag-aaral na kung saan nagsisilbi itong kasangkapan upang tumaas rin ang kanilang interes at hindi na sila nahihirapan na ibahagi ang kanilang ideya o saloobin. Kung kaya dapat angkop ang kagamitang panturo na gagamitin na kung saan kinakailangan pagtuunan ng pansin ng guro ang paghahanda sa pagtuturo na nangangailangan pang paunlarin at paigtingin dahil dito nakabatay ang kalakasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino (Largo, 2022).

Ang mga implikasyon ng mga natuklasan na ito ay kritikal para sa mga tagapamahala ng edukasyon. Ipinapakita ng datos na mayroong malaking kakulangan sa retensyon at pag-unawa ng materyal sa mga mag-aaral sa Baitang 8. Upang matugunan ang isyung ito, nararapat isaalang-alang ng mga guro ang pagpapatupad ng karagdagang mga estratehiya sa suporta tulad ng paggamit ng mga biswal na pantulong (e.g., Word Walls), naka-target na sesyon ng pagtuturo, at mga interaktibong aktibidad sa pagkatuto na maaaring umangkop sa iba't ibang istilo ng pagkatuto. Dapat ding magpatupad ng tuloy-tuloy na pagtatasa at mga mekanismo ng feedback upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral at maangkop ang mga pamamaraan ng pagtuturo nang naaayon.

Table 1

Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 8 Bago ang Paggamit ng Word Wall

Retention Level	Frequency	Percentage	M	SD
Fairly Satisfactory	1	2.70	18.00	-
Did not Meet the Expectations	36	97.30	10.20	2.87
Overall Performance	37	100.00	10.41	3.10

Note Scale: 26-30 (Outstanding); 23-25 (Very Satisfactory); 21-22 (Satisfactory); 18- 20 (Fairly Satisfactory); 1-17 (Did not Meet the Expectations)

4.2 Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Pagkatapos Gamitin ang Word Wall

Sa talahanayan 2 ay nagpapakita ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 pagkatapos ng paggamit ng Word Wall. Ang talahanayan ay naglalahad ng mga antas ng retensyon, dalas, porsyento, mga mean (M), at mga standard deviations (SD) ng pagganap ng mga mag-aaral. Ipinapakita sa talahanayan 2 ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang word wall. Makikita sa kabuuang datos sa ibaba ang mean score para sa post-test ay 22.14 na may standard deviation na 5.29. Ang interpretasyon ng datos na ito ay ang pagganap ng mga mag-aaral sa post-test ay itinuturing na satisfactory na may antas ng kasanayan na 100%. Ito ay nangangahulugan na matapos ang paggamit ng Word Wall na interbensiyon ay napaunlad at napalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral pagdating sa mga malalalim na salita sa asignaturang Filipino. Madali nilang naunawaan ang mga kahulugan ng mga salita at napalawak pa ang kanilang kaalaman sa mga salitang ito na nakatutulong sa kanila na madaling maunawaan ang nais ipahiwatig sa akda na kanilang binabasa. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng word wall bilang isang interbensiyon ay may positibong epekto sa pagpapahusay ng bokabularyo ng mga mag-aaral, na humahantong sa malaking pagpapalawak ng kanilang kaalaman.

Lumabas sa pag-aaral na maganda ang resulta ng pag-unlad ng mga mag-aaral sa proseso ng pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng word wall strategy. Tumaas ang tagumpay ng mga mag-aaral mula sa pagbibigay sa kanila ng pre-test at post-test. Nangangahulugan ito na ang paggamit ng diskarte sa Word Wall sa pagtuturo ay maaaring mapabuti ang tagumpay ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Iminungkahi na gamitin ang estratehiyang ito sa proseso ng pagtuturo ng pagkatuto lalo na sa pagtuturo ng bokabularyo (Sipayung, 2019). Ang interaktibong word wall na estratehiya sa prosesong pagtuturo at pagkatuto ay isang nakakaengganyo at mahalagang paraan ng pag-aaral at pagpapanatili ng bokabularyo at mga konsepto para sa mga mag-aaral sa middle school (Harmon et al., 2019).

Bukod rito, ang paggamit ng Word Wall ay isang epektibong estratehiya sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng bokabularyo sa mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasang pag-aaral, mahihinuha na ang estratehiyang Word Wall ay mabisa upang mapabuti ang pagkatuto ng mga bokabularyo sa Filipino at upang mapahusay ang linguistic intelligence (Marhamah at Mulyari, 2020). Makikita sa pag-aaral na ang mga interactive na word wall sa klase ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga bago at di-pamilyar na mga salita na nagpapalawak sa kanilang bokabularyo habang aktibong pinoproseso nila ang kahulugan ng salita at ikinonekta ito sa mga aktibidad sa pagtatanong (Jackson, 2018).

Ang mga implikasyon ng mga natuklasan na ito ay mahalaga para sa mga guro at administrador ng paaralan. Ipinapakita ng datos ang kahalagahan ng mga interaktibo at biswal na pantulong sa pagkatuto sa pagpapabuti ng pagganap sa akademya. Upang higit pang suportahan ang tagumpay ng mga mag-aaral, inirerekomenda na ipagpatuloy ang paggamit ng Word Walls at isama ang karagdagang mga biswal at interaktibong estratehiya sa pagkatuto. Dapat magbigay ng regular na pagtatasa at personalisadong feedback upang matukoy at matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan sa pagkatuto. Bukod dito, dapat

sanayin ang mga guro sa epektibong pagpapatupad ng mga kasangkapang ito upang mapakinabangan ang kanilang epekto sa mga resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Table 2

Pagganap ng mga Mag-aaral sa Baitang 8 Pagkatapos ang Paggamit ng Word Wall

Retention Level	Frequency	Percentage	M	SD
Outstanding	12	32.43	28.75	1.36
Very Satisfactory	3	8.11	23.67	1.16
Satisfactory	5	13.51	21.40	0.55
Fairly Satisfactory	8	21.62	19.25	0.89
Did not Meet the Expectations	9	24.32	15.78	1.30
Overall Performance	37	100.00	22.14	5.29

Note Scale: 26-30 (Outstanding); 23-25 (Very Satisfactory); 21-22 (Satisfactory); 18- 20 (Fairly Satisfactory); 1-17 (Did not Meet the Expectations)

4. 3 Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Word Wall

Sa talahanayan 3 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Word Wall. Ang talahanayan ay naglalaman ng mean (M), standard deviation (SD), t-value, p-value, at desisyon kaugnay ng null hypothesis (Ho). Ang makabuluhang variable sa talahanayang ito ay ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Word Wall, na may p-value na 0.00, na lubos na makabuluhan ($t = 15.74$, $p < 0.01$). Ipinapakita nito na mayroong estadistikal na makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago ($M = 10.20$, $SD = 2.87$) at pagkatapos ($M = 22.14$, $SD = 5.29$) ng paggamit ng Word Wall.

Sa pagpapaliwanag ng mga natuklasan na ito, ipinapakita ng datos na ang paggamit ng Word Wall ay nagkaroon ng makabuluhang positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mean score pagkatapos gamitin ang Word Wall ay mas mataas kaysa sa bago ito gamitin, na nagpapahiwatig na ang Word Wall ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapabuti ng pagkatuto at retensyon ng mga mag-aaral.

Walang mga hindi makabuluhang variable sa talahanayang ito, dahil ang tanging paghahambing na ginawa ay sa pagitan ng akademikong pagganap bago at pagkatapos gamitin ang Word Wall, na lubos na makabuluhan.

Ang Word Wall ay napapatunayang kapaki-pakinabang sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto katulad ng makulay na disenyo ng word wall na maaaring magpagana sa proseso ng pag-iisip ng mag-aaral at ang mga mag-aaral ay hindi nawawalan ng interes at naging interaktibo sa klase dahil sa nakikita nilang Word Wall. Batay sa pananaliksik, napaghihinuha na ang word wall ay mabisang gamitin sa pagtuturo sa wikang Filipino (Syam, 2020). Sa pagtuturo ng Word Wall ay naging mas madali sa mga mag-aaral na isaulo ang mga salita at ang mga kahulugan nito na kung saan ang pagtuturo ng bokabularyo sa pamamagitan ng word wall ay maaaring gawing mas madaling matutunan ng mga mag-aaral ang mga bagong salita at maisaulo ito (Muhajir, 2024).

Ang mga implikasyon ng mga natuklasan na ito ay mahalaga para sa mga tagapamahala ng edukasyon, kabilang ang mga guro at administrador ng paaralan. Ang makabuluhang pagbuti sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang Word Wall ay nagpapahiwatig na ang kasangkapang ito ay maaaring maging lubos na epektibo sa pagtulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng Word Walls sa mga silid-aralan. Bukod dito, ang pagsasama ng iba pang biswal at interaktibong estratehiya sa pagkatuto ay maaaring higit pang magtulong sa pag-abot ng mga mag-aaral. Ang regular na propesyonal na pag-unlad para sa mga guro tungkol sa epektibong paggamit ng

mga ganitong kasangkapan ay maaaring mag-maximize ng kanilang mga benepisyo. Dapat ding isaalang-alang ng mga paaralan ang periodic assessments at feedback mechanisms upang patuloy na masubaybayan at masuportahan ang pag-unlad ng mga mag-aaral.

Table 3

Makabuluhang Pagkakaiba sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-Aaral Bago at Pagkatapos Gamitin ang Word Wall

Variables	M	SD	t-value	p-value	Decision
Bago ang Paggamit	10.41	3.10			
Pagkatapos ang Paggamit	22.14	5.29	15.74	0.00	Reject

Ho: Walang makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang word wall.

Note: Probability Value Scale: ** $p < 0.01$ (Highly Significant); * $p < 0.05$ (Significant); $p > 0.05$ (Not Significant) Ang talahanayan 3 ay ang mga deskriptibong istatistika at ang resulta ng t-test analysis na naghahambing sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gumamit ng graphic organizers. Ang talahanayan ay naglalaman ng mean (M), standard deviation (SD), t-value, p-value, at ang desisyon batay sa p-value.

Mga Pangunahing Pagpapaunlad na Naganap Matapos Gamitin ang Interbensiyon na Word Wall Interes sa Pakikinig sa Talakayan.

Nabanggit ng mga mag-aaral sa panayam na nagkaroon sila ng interes sa pakikinig sa talakayan sa asignaturang Filipino. Ang paggamit ng interbensyong word wall ay nakatulong sa kanila na matukoy ang mga mahihirap na salita. Ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa mga malalalim na salita kung kaya tumaas rin ang kanilang interes na makinig sa talakayan sapagkat naging mas madali na sa kanila na maunawaan ang mga mahihirap na salita gayundin ang mga konteksto na nakapaloob sa akdang kanilang binabasa. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Mas ginaganahan po ako na makinig sa talakayan dahil sa Word Wall ay naging madali sa akin na maunawaan ang mga malalalim na salita." (P3)

"Ang word wall ay naging malaking tulong sa akin dahil mas mabilis kong natutunan ang mga bagong salita. Dahil dito, mas nagiging interesado ako sa mga lessons." (P1)

"Ngayon po ay gustong-gusto ko na pong makinig sa guro dahil kapag gusto ko sumagot ay hindi na ako nagdadalawang-isip na sumagot sapagkat alam ko na ang mga mahihirap na salita." (P8)

"Naging mas mahusay po kami sa pakikinig at pag-intindi sa mga sinasabi ng iba." (P6)

"Mas naging engaged po kami sa klase dahil sa interaktibong paraan ng pagkatuto." (P12)

Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman o bokabularyo sa mga mag-aaral ay naging daan upang tumaas ang interes ng mga mag-aaral sa pakikinig sa talakayan lalo na sa asignaturang Filipino. Naging epektibo ang Word Wall upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral lalo na pagdating sa pakikinig sa talakayan na kung saan nagpapahiwatig na ang word wall ay gumagana nang maayos na nakatutulong sa pagpapabuti sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino (Mulyadi et al., 2020). Sa pang-araw-araw na pakikinig ng mga mag-aaral ay nadadagdagan ang kanilang kaalaman o bokabularyo sa wikang Filipino at maaaring gamitin ang word wall sa iba pang asignatura, hindi lamang sa asignaturang Filipino (Amelia et al., 2023).

Maliban sa pagbibigay ng interes, ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa mga malalalim na salita ay nagpapahalaga sa pagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito upang mapaunlad ang kanilang iba pang kasanayan hindi lamang sa pakikinig kung hindi sa paglalahad o pagpapahayag sa kanilang mga opinyon, pagbabasa ng mga akdang pampanitikan gayundin ang sumulat ng mga iba't ibang akda maaaring sanaysay na nakapapaloob ng kanilang sariling damdamin. Sa kabuuan, ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman ay naglikha ng interes sa mga mag-aaral na makinig sa talakayan pagdating sa asignaturang Filipino.

Kompiyansa sa Pagpapahayag ng Sariling Saloobin.

Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman o bokabularyo ay nakatutulong sa mga mag-aaral na makapagbigay o makapaglahad ng kanilang sariling saloobin tungkol sa isang paksa. Nabanggit ito ng mga mag-aaral sa panayam na kung saan nagkaroon sila ng kompiyansa sa sarili ng pagpahayag ng kanilang saloobin. Hindi na sila nahihiya na magpahayag ng kanilang saloobin sapagkat alam na nila ang mga salitang kanilang ginagamit gayundin ang mga kahulugan nito kung kaya mas nagkaroon sila ng kompiyansa na maglahad o magpahayag ng sariling saloobin. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Malaking tulong po ang Word Wall dahil mas nagkaroon ako ng kompiyansa na sumagot sa mga tanong lalo na tuwing nagpapahayag ako ng ideya o saloobin." (P7)

"Hindi ako nahihiya na sumagot kapag hinihingi ang aking opinyon" (P11)

"Gusto ko nang sumagot kapag tinatanong ako dahil hindi na ako takot kumpara dati dahil alam ko na ang mga kahulugan ng mga salita." (P5)

"Mas naging maliwanag po ang aming pagpapahayag ng mga ideya." (P3)

"Mas nagkaroon po kami ng confidence sa pakikipag-debate." (P10)

"Mas naging confident ako sa pagsasalita sa harap ng klase dahil sa word wall. Alam kong tama ang mga ginagamit kong salita, kaya hindi na ako natatakot magkamali." (P9)

Ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman o bokabularyo sa mga mag-aaral ay nagbibigay-daan upang magkaroon ang mga mag-aaral ng kompiyansa na sumagot o magpahayag ng kanilang sariling ideya o saloobin tungkol sa isang paksa. Ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo at mga kasanayan sa paggamit ng mga salita nang tama ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maging mas malikhain at malaya sa pagpapahayag ng kanilang mga ideya (Roxas, 2019). Makikita na ang estratehiyang Word Wall ay nakatutulong sa mga mag-aaral na madaling maunawaan ang nilalaman ng teksto na magiging daan upang makapagbigay ang mga mag-aaral ng kanilang ideya tungkol sa teksto o paksa (Fatimah, 2020).

Ang pagkakaroon ng kompiyansa sa sarili ay isa sa mga kasanayan na nakamit ng mga mag-aaral matapos gamitin ang interbensiyon na Word Wall sapagkat ayon sa kanila, hindi na sila nahihiya at natatakot na sumagot sa mga katanungan lalo na kapag sila ay nagpapahayag ng kanilang mga ideya, damdamin, o saloobin. Tunay nga na mabisang interbensiyon ang Word Wall dahil nakatutulong ito na palakasin ang kanilang kumpiyansa sa pagpapahayag sa kanilang sariling saloobin na kung saan sa pamamagitan ng malawak na kaalaman o bokabularyo. Sa kabuuan, ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman o bokabularyo ay nakatutulong sa mga mag-aaral na magpahayag sa kanilang saloobin na hindi nahihiya o natatakot.

Interes sa Pakikilahok sa mga Gawain.

Mas naging interaktibo ang talakayan o diskusyon matapos gamitin ang interbensiyong Word Wall ito ay matapos mapansin ng guro na maraming mag-aaral na nakikilahok sa talakayan at hindi nagdadalawang-isip na magtaas ng kanilang kamay upang sumagot hindi kagaya noong una na hindi masyadong nagtataas ng kamay ang mga mag-aaral at iilan lamang sa kanila ang nakikilahok sa talakayan lalo na pagdating sa gawain ngunit noong gamitin na ang interbensiyon na word wall ay maraming mag-aaral ang naging interesado na makilahok sa talakayan. Marami na sa kanila ang nagtataas ng kamay upang sumagot sapagkat ayon sa kanila ay nasisiyahan sila na pumili sa mga salita. Nakapagdagdag pa sa kanilang interes ang mga kaakibat na pangungusap at larawan nito. Ito ang mga naibahagi ng mga kalahok para sa pagsisiyasat na ito.

"Sa tuwing nakikita ko na nakapaskil sa pisara ang word wall ay nagiging interesado ako na makilahok sa talakayan." (P8)

"Nagustuhan ko ang Word Wall dahil isa ito sa naging dahilan kung bakit hindi nagiging boring ang asignaturang Filipino kaya palagi akong nagtataas ng kamay." (P11)

"Noong una ay hindi talaga ako masyadong nakikilahok sa talakayan ngunit noong nagkaroon ng Word Wall ay naging interesado ako na makilahok kaya inaabangan ko talaga ito tuwing mayroong diskusyon." (P12)

Ang pagkakaroon ng interes sa pakikilahok sa mga gawain ay mahalagang kasangkapan upang magkaroon ng interaktibong talakayan. Maraming mag-aaral ang hindi masyadong nakikilahok sa talakayan pagdating sa asignaturang Filipino dahil ayon sa kanila ay nabobored sila ngunit kapag naging malikhain lamang tayo sa ating mga gawain ay tiyak na makakapalakas ito ng interes ng mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain o aktibidad. Nagiging epektibo ang paggamit ng Word Wall na interbensiyon na gamitin sa

proseso ng pagtuturo at pagkatuto na kung saan nagpapalakas sa interes ng mga mag-aaral (Farah, 2015). Maraming benepisyo ang makukuha sa paggamit ng Word Wall bilang kasangkapan sa pagtuturo na kung saan ito ay pinakapektibo kapag sinamahan ng mga aktibidad at malinaw na pagtuturo (Kish, 2018).

Ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawain o aktibidad ay isa sa mga kasanayan na nakamit ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang word wall na interbensyon. Ang mga mag-aaral ay naging interesado na makinig at makilahok sa mga gawain at hindi na sila nagdadalawang-isip na itaas ang kanilang kamay. Sa kabuuan, marami ng mga mag-aaral ang nagtataas ng kanilang mga kamay upang makilahok sa mga gawain at ayon sa kanila ay hindi na sila nabobored sa tuwing oras na ng klase sapagkat interesado na interesado na sila na makilahok sa mga aktibidad at gawain.

V. KONKLUSYON

Mga Natuklasan

Ang mga sumusunod ay ang mga mahahalagang resulta sa pananaliksik:

- 1 Mababa ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pagtatasa bago gamitin ang *Word Wall* na interbensiyon.
- 2 Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay nakakuha ng kabuuang puntos na napapabilang sa *Outstanding* na antas pagkatapos gamitin ang *Word Wall* na interbensiyon.
- 3 Mayroong malaki at makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Word Wall* na interbensiyon.
- 4 Ang *Word Wall* ay nagdulot ng pagpapabuti at pag-unlad sa pagganap sa Filipino.

Konsklusyon

Ang mga sumusunod ay ang mga kongklusyon sa pananaliksik:

1. Hindi gaanong malawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa mga malalalim na salita at hindi masyadong nakikinig sa guro sa talakayan bago gamitin ang *Word Wall*.
2. Lumawak at napaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa mga malalalim na salita at naging interesado silang makinig sa talakayan pagkatapos gamitin ang *Word Wall*.
3. Epektibo ang paggamit ng *Word Wall* sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sapagkat mayroong Malaki at makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap bago at pagkatapos gamitin ang *Word Wall*.
4. Ang *Word Wall* ay nakatulong sa pagpapaunlad sa iba pang kasanayan sa asignaturang Filipino tulad ng interes sa pakikinig sa talakayan, kompiyansa sa pagpapahayag ng sariling saloobin, at interes sa pakikilahok sa mga gawain. Hindi masyadong nakikinig sa guro sa talakayan at nakikilahok ang mga mag-aaral bago gamitin ang *Graphic Organizer*.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasang resulta ng pananaliksik, narito ang mga rekomendasyon:

1. Inirerekomenda na ang mga mag-aaral ay bumasa ng mga akdang pampanitikan upang magkaroon ng karagdagang kaalaman na maaaring magpapalawak sa kanilang bokabularyo.

2. Inirerekomenda ang mga guro na nagtuturo ng mga bokabularyo ay dapat ilapat ang Word Wall hinggil sa maaaring makatulong sa mga mag aaral na madaling maunawaan ang nilalaman ng mga teksto.
3. Inirekomenda ang mga paaralan na gumawa ng mga programa o estratehiya na makatutulong sa paglinang at pagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag- aaral sa asignaturang Filipino.
4. Para sa ibang asignatura, maaari nilang gamitin at magkaroon ng higit pang mga pagsasanay sa Word Wall upang pagyamanin ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pang araw-araw na gawain.
5. Para sa ibang mananaliksik, iminumungkahi na isagawa ang katulad na pananaliksik sa pamamagitan ng paggamit ng Word Wall sa iba pang asignatura o sa iba pang kasanayan sa asignaturang Filipino man o sa ibang asignatura.

VI. PAGKILALA

Ipinaabot ng mga mananaliksik ang taos-pusong pasasalamat at utang na loob na pagkilala sa mga taong tumulong sa paggawa ng tesis na ito. Sila ang mga sumusunod:

Unang-una, ang Panginoong Diyos, na walang sawang gumabay, nagbigay at nagpapatibay ng kanilang loob at nagkaloob ng biyaya sa mga mananaliksik upang masagawa ang pananaliksik na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, sa kanyang walang sawang suporta at paggabay, sa kanyang mataas na pasensya at pagbibigay ng mga payo, mahalagang komento, mungkahi at probisyon upang magtagumpay ang pananaliksik na ito.

Kay Gng. Cheryl M. Sispon, ang aking mahal na cooperating teacher, para sa kanyang gabay, suporta, mga payo, komento at mga rekomendasyon.

Sa mga respondente, sa kanilang pagbahagi ng kanilang sagot na naglalaman ng impormasyon upang sagutan ang mga katanungan at sa paglaan ng kanilang oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

At higit sa lahat, sa aming pamilya, kaibigan, at espesyal na tao para sa kanilang moral na suporta, motibasyon, inspirasyon, at higit sa lahat, para sa kanilang pagmamahal upang manatiling lumaban ang mananaliksik sa pagkamit ng kanyang layunin.

REFERENCES

- [1] Ainy, F. (2015). The Effectiveness of Word Wall Strategy on Students' Vocabulary Mastery. *borderless communities & nations with borders*, 381. Proceeding- IIFAS-2017_Fajar Sidik Hal 959.pdf (unair.ac.id)
- [2] Aler, R. A. D., & Palomo, A. M. (2024). WIKARUNUNGAN: ISANG ALTERNATIBONG KAGAMITAN SA PAGPAPAYABONG NG WIKANG FILIPINO GAMIT ANG OBRA MAESTRANG NOLI ME TANGERE. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(5), 872-894.
- [3] Amiang, Maed-Edad & Matell, Maed-Fil & Rolida, Diza. (2024). KARANASAN NG MGA GURO SA PAGGAMIT NG METAKOGNITIBONG PAGBASA SA PAGTUTURO NG FILIPINO: ISANG PENOMENOLOHIYANG PAG-AARAL. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*. 556-563. 10.36713/epra16298.
- [4] Brooks, G., Clenton, J., & Fraser, S. (2021). Exploring the Importance of vocabulary for English as an additional language learners' reading comprehension. *Studies in Second Language Learning and Teaching*, 11(3), 351-376.
- [5] Colendra, R. C., & Carada, I. G. (2023). GAMIFICATION TOOLS IN TEACHING FILIPINO SUBJECT AND READING COMPREHENSION. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 9(8), 72-80.
- [6] De Leon, E. (2019). Ang Relasyon ng Makrong Kasanayan sa Filipino at Performans sa Pang-Akademiko ng K-12 ng mga Piling Mag-aaral sa Baitang 7 ng Paaralang Sekondarya ng Agham

- Lungsod ng Tagaytay Taong Panuruan 2016-2017. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2N).
- [7] De Leon, C. J. B., Furio, R. A. C., Pato, K. A. M. P., & Suyu, Y. Q. N. (2022). Mga Salik sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Pangwika at Pangkomunikasyon ng mga Filipino Major: Gabay Tungo sa Epektibong Pagtuturo: Vol. 3, No. 1C. *Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 3(1C). Mga Salik sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Pangwika at Pangkomunikasyon ng mga Filipino Major: Gabay Tungo sa Epektibong Pagtuturo | *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research* (aaresearchindex.com)
- [8] DICANG, VIVIANE & MOLINA, HARLENE. (2023). MGA HAMONG KINAKAHARAP NG MGA MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA MAKRONG KASANAYAN SA PAGSASALITA. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*. 3. 161-175. 10.47760/cognizance.2023.v03i12.014.
https://www.researchgate.net/publication/376982697_MGA_HAMONG_KINAKAHARAP_NG_MGA_MAGAARAL_SA_PAGGAMIT_NG_WIKANG_FILIPINO_SA_MAKRONG_KASANAYAN_SA_PAGSASALITA
- [9] Fatimah, Siti. (2020). Students' Vocabulary Mastery through Word Wall at SMPN 44 Surabaya. *JournEEL (Journal of English Education and Literature)*. 2. 22-33. 10.51836/journeel.v2i2.166.https://www.researchgate.net/publication/349189504_Students%27_Vocabulary_Mastery_through_Word_Wall_at_SMPN_44_Surabaya
- [10] Guillermo, R. (2021, April). Kritika ng Kritika ng Post-Kolonyalismo: Ang Abstraktong Unibersalismo ni Vivek Chibber. In *Lekturang inihanda para sa isang forum ng mga graduwadong mag-aaral ng Departamento ng Literatura, De La Salle University* (Vol. 24).
- [11] Harmon, J. M., Wood, K. D., Hedrick, W. B., Vintinner, J., & Willeford, T. (2019). Interactive word walls: More than just reading the writing on the walls. *Journal of Adolescent & Adult Literacy*, 52(5), 398-408.
- [12] Hashemi, A. (2021). The effects of using games on teaching vocabulary in reading comprehension: a case of gifted students. *Journal for the Education of Gifted Young Scientists*, 9(2), 151-160.
- [13] Hidayaty, A., Qurbaniah, M., & Setiadi, A. E. (2022). The influence of word wall on students' interest and learning outcomes. *Jurnal Penelitian Ilmu Pendidikan*, 15(2), 211-223.
- [14] Jackson, J., & Narvaez, R. (2013). Interactive word walls. *Science and Children*, 51(1), 42. <https://blog.richmond.edu/elemscisoc/files/2022/02/InteractiveWordWall.pdf>
- [15] Jackson, J. (2018). Build an interactive word wall. *The Science Teacher*, 85(1), 42-46.
- [16] Jasmine, J., & Schiesl, P. (2019). The effects of word walls and word wall activities on the reading fluency of first grade students. *Reading Horizons: A Journal of Literacy and Language Arts*, 49(4), 5.
- [17] Kish, T. (2018). The Effectiveness of Word Walls on Various Groups of Students. "The Effectiveness of Word Walls on Various Groups of Students" by Taylor Kish (uakron.edu)
- [18] Marhamah, M., & Mulyadi, M. (2020). The effect of using word wall picture media and linguistic intelligence to enhance learning outcomes of English vocabularies. *Journal of Educational and Social Research*, 10(2), 134. 7c13c97e474cb6c5ec797505b95cf6539f5a.pdf (semanticscholar.org)
- [19] Pollero, Jobelle. (2021). Paghubog sa Kasanayan ng Pagkatuto sa Wika at Panitikang Pilipino. <https://www.scribd.com/document/452018281/Pananaw-ng-mga-Estudyante-ng-Ika-Sampung-Baitang-sa-Asignaturang-Filipino-Implikasyon-para-sa-Pagpapaunlad-ng-Teaching-Strategies-ng-mga-DcYkd0iFJA>
- [20] Puspita, E., & Muhajir, R. (2014). Teaching Vocabulary through Word Wall: A Qualitative Study Conducted at the Fifth Grade Students of a Public Elementary School in Bogor. *English Journal*,

- 8(1), 9-20. Teaching Vocabulary through Word Wall: A Qualitative Study Conducted at the Fifth Grade Students of a Public Elementary School in Bogor | ENGLISH JOURNAL (uika-bogor.ac.id)
- [21] Roxas, M. J. D. (2019). Factors, Forms and Functions: An Analysis of Senior High School Students' Filipino-English Code Switching Behavior. *Asian Journal of Multidisciplinary Studies*, 2(2).s
- [22] Sacay, A. P. (2023). Gramafil App Bilang Interbensyon sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Panggramatika ng mga Mag-Aaral sa Ikasampung Baitang. *Epra International Journal of Research and Development (IJRD)*, 8(6), 31-37.
- [23] Santillan, J. P., & Daenos, R. G. (2020). Vocabulary Knowledge and Learning Strategies of Senior High School Students. *Universal Journal of Educational Research*, 8(6), 2474-2482.
- [24] Sipayung, R. W. (2018). The effect of word wall strategy on students' vocabulary achievement at SMP Negeri 5 Pematangsiantar in the academic year 2018/2019. *Budapest International Research and Critics Institute (BIRCI- Journal): Humanities and Social Sciences*, 1(3), 251-263.
- [25] Sartika, R. (2017). Implementing word wall strategy in teaching writing descriptive text for junior high school students. *Journal of English and Education*, 5(2), 179-186.
- [26] SERRANO, D. F. (2022). E-Games: Salitalino sa Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Filipino. *E-Games: Salitalino sa Pagpapalawak ng Bokabularyo sa Filipino*, 102(1), 10-10.
- [27] Torzar, Eleanor. (2021). Paglinang ng mga Estratehiya sa Pagpapalawak Talasalitaan sa Panahon ng Pandemya.

